# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 2*
# *Sa Pagtatayo ng MakaDios na Pamilya at Simbahan ng Dios*

*Ito ay napakhalagahalaga kinakailangan para makaDios na pag-aasawa na ang lalaki at babae ay may pagkatakot sa Dios. Sapagkat ang layunin ng pag-aasawa ay palakihin ang mga anak na may takot sa Dios na kalaunan ay magtatayo ng simbahan ng Dios. * Ngunit kung ang lalaki at ang babae ay walang takot sa Dios kung gayon kahit ang kanilang mga anak ay walang takot sa Dios. Kaya't mas mabuti para sa mga bata na walang ama o ina na walang takot sa Dios, at sila'y lalago sa mas mabuting paraan. * Gayundin kung ikaw ay walang asawa at naghahanap upang magkaroon ng isang pamilya kung gayon kailangan mong ilagay sa iyong isipan na mag-asawa sa isang tao na may takot sa Dios.

Ang Banal na Kasulatan ay hinihikayat tayo sa mga kahalagahan ng pagkatakot sa Dios at paglayo sa masama.

1. ***Ang pagkatakot sa Dios ay nagkakaloob ng kaalaman at karunungan: "7 Ang takot sa Panginoon ay pasimula ng kaalaman: nguni't ang mangmang ay humahamak sa karunungan at turo." (Kawikaan 1:7) "10 Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan: at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan." (Kawikaan 9:10) "33 Ang pagkatakot sa Panginoon ay turo ng karunungan; at sa unahan ng karangalan ay nagpapauna ang pagpapakumbaba." (Kawikaan 15:33)*** Sa mga may pagkatatakot sa Dios ay bibigyan ng karunungan at kaunawaan at tuturuan ng kailangan nilang sabihin at gagawin sa mapanganib na mga kalagayan.

2. ***Ang takot as Dios ay paglayo sa kasamaan. "7 Huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata; matakot ka sa Panginoon, at humiwalay ka sa kasamaan:" (Kawikaan 3:7) "13 Ang pagkatakot sa Panginoon ay ipagtanim ang kasamaan; Kapalaluan, at kahambugan at masamang lakad, at ang masamang bibig ay aking ipinagtatanim." (Kawikaan 8:13) "6 Sa pamamagitan ng kaawaan at katotohanan ay nalilinis ang kasamaan: at sa pamamagitan ng pagkatakot sa Panginoon ay humihiwalay ang mga tao sa kasamaan." (Kawikaan 16:6)*** Sa mga may pagkatakot sa Dios ay lalayo mula sa paggawa ng maling mga bagay at kamumuhian ang pagmamataas, pagmamayabang, at pagsasalita ng kasinungalingan at masama. Ang pagtakot sa Dios ay tutulong sa iyong magsisi mula sa iyong mga kasalanan, at magsimulang gawin aang tama at ang Kanyang kalooban.

3. ***Ang pagkatakot sa Panginoon ay nagpapahaba ng buhay: "27 Ang pagkatakot sa Panginoon ay nagpapalaon ng mga kaarawan: nguni't ang mga taon ng masama ay mangangaunti." (Kawikaan 10:27)*** Sa mga may pagkatakot sa Dios ay mabubuhay sa kainaman sapat ng panahon na ang kanilang pagkamatay ay nasa itinakdang panahon at pagkatapos nilang matupad ang layunin ng Dios sa kanilang buhay. Ito ay mabuti para sa iyo na matakot sa Dios, upang pahabain ang iyong buhay at magawa mong matupad ang lahat ng takdang gawain sa Dios.

4. ***Ang pagtakot sa Dios ay nagdadala ng gantimpala: "13 Sinomang humamak sa salita ay nagdadala ng kapahamakan sa sarili: nguni't siyang natatakot sa utos ay gagantihin." (Kawikaan 13:13)*** Sa mga sumunod sa utos ng Dios ipinapakita nilang maliwanag na sila'y natatakot as Dios, at ang ganoong pag-uugali ay gagantimpalaan ng Panginoon. Kaya't kung ikaw natatakot sa Dios gagantimpalaan ka Niya, Ngunit wawasakiin ng Dios ang mga humahamak sa Kanyang Salita.

5. ***Ang takot sa Panginoon ay kanlungan at pagtitiwala: "26 Sa pagkatakot sa Panginoon ay may matibay na pagkakatiwala: at ang kaniyang mga anak ay magkakaroon ng dakong kanlungan." (Kawikaan 14:26)*** Sa mga may pagkatakot sa Dios sila'y may malaking pagtitiwala sa Panginoon at sila'y manganganlong sa Kanya sa panahon ng kaguluhan. Kung ikaw ay natatakot sa Dios at sumunod sa Kanyang mga utos sa gayon Siya ang iyong kanlungan sa panahon ng mga kaguluhan at ikaw ay may pagtitiwala sa Kanya na Siya ang magpoprotekta sa iyo.

6. ***Ang pagkatakot sa Panginoon ay paglingap, proteksyon at kasiyahan: "23 Ang pagkatakot sa Panginoon ay patungo sa kabuhayan; at ang nagtatangkilik noon ay tatahang may kasiyahan: hindi siya dadalawin ng kasamaan." (Kawikaan 19:23) "4 Ang kagantihan sa kapakumbabaan at ang pagkatakot sa Panginoon ay kayamanan, at karangalan, at buhay." (Kawikaan 22:4)*** Sa mga may pagkatakot sa Dios sila'y pararangalan, at sapat na binibiyaan, protektado, at may kasiyahan. Ipapahintulot ng Dios ang Kanyang paglingap at ang Kanyang proteksyon upang dumaloy sa Kanyang buhay at ikaw ay magkakaroon ng buhay at ikaw ay magkakaroon ng kayamanan at karangalan habang ikaw ay nagpapatuloy sa pagkatakot sa Kanya. Kaya naman, ***"16 Maigi ang kaunti na may pagkatakot sa Panginoon, kay sa malaking kayamanan na may kabagabagan." (Kawikaan 15:16)*** Mas mabuti

ang kakaunti na may pagkatakot sa Dios kaysa mas higit at ang mga kagulugan na kasangkot nito sapagkat walang proteksyong mula sa Dios. Minsan wala kang mas higit ngunit ikaw ay mas pinagpala kaysa iba na may mas higit at walang takot sa Dios dahil wala silang proteksyon sa Dios at sila'y bibisitahin ng masasamang kaganapan, ngunit ikaw ay hindi bibisitahin ng masama dahil ikaw protektado ng Dios.

Sa mensaheng ito tayo ay magpapatuloy at tatalakayin ang mga halimbawa ng mga kalalakihan at kababaehan na may pagkatakot sa Dios at ang kanilang pag-uugaling may pagkatakot sa Dios na nakatulong sa kanila upang itayo ang kanilang pamilya, protektahan ang simbahan ng Dios at kumilos kasama ng Dios upang isulong ang Kanyang Kaharian.

Nauna nating sinalita ang tungkol sa dalawang Hebreang hilot na nangangatakot sa Dios at hindi kay Faraon at ang kanilang salaysay sa ***Exodu 1,*** kung paanong sila'y may takot sa Dios at hindi pinatay ang mga batang Hebreo na iniutos ni Faroan sa kanila na patayin habang tinutulungan nila ang Hebreang babae sa kanilang panganganak, at dahil doon pinagpala sila ng Dios para sa ganoong pagkilos at binigyan sila ng sariling sangbahayan, ***"17 Datapuwa't ang mga hilot ay nangatakot sa Dios at hindi ginawa ang gaya ng iniutos sa kanila ng hari sa Egipto, kundi iniligtas na buhay ang mga batang lalake. 20 At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at ang bayan ay kumapal, at naging totoong makapangyarihan. 21 At nangyari, na sapagka't ang mga hilot ay natakot sa Dios, ay iginawa niya sila ng mga sangbahayan." (Exodu 1:17, 20-21)*** Ang parehas sa iyo, kapag ikaw ay natatakot sa Dios kung gayon ikaw ay gagantimplaan Niya at bibiyan ka ng pamilya o itatayo Niya ang iyong umiiral na pamilya. Hinahanap ng Dios ngayon ang ganoong uri ng mga tao na may pagkatakot sa Kanya at handang makipagtulungan sa Kanya.

Handa ka bang matakot sa Dios at manindigan kasama Niya at gawin ang Kanyang gawain? Ang kaluwalhatin ay sa Dios para sa lahat ng sa inyo na handang tumugon sa tawag ng Dios at handang tumalima sa Kanyang paglilingkod. Tayo ay magpatuloy na pag-aralan ang Banal na Kasulatan at matutunan mula sa mabubuting halimbawa ng mga kalalakihan at kababaehan na nangangatakot sa Dios.

1. ***Si Noe ay may takot sa Dios at itinayo ang daong ng Kanyang pamilya: "7 Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya." (Hebrew 11:7)*** Si Noe ay kumilos ng may takot sa Dios nang sinabi ng Dios sa kanya ang tungkol sa paparating na pagbaha, at itinayo ang daong na nakapagligtas sa kanyang pamilya at hinatulan ang buong sanglibutan na nabubuhay sa pagsuway sa Dios. Ang takot sa Dios ay dapat magsulong sayo at kumilos ka na may pagtatalaga ng iyong sarili sa Dios at simulang gawin ang mga bagay na nais ng Diyos na gawin mo upang iligtas ang iyong pamilya. Malapit na ang pagdating ni Cristo at kailangan nating maging handa kasama ang ating pamilya tulad ni Noe na handa at inihanda ang kanyang pamilya nang dumating ang baha. Maaaring pagtawanan ka ng mga tao at laitin ka ngunit ilagay sa iyong isipan na ang paghatol ay darating at si Jesus ay malapit nang dumating at Siya ang hahatol tulad ng mababasa natin dito: ***"26 At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa mga kaarawan ng Anak ng tao. 27 Sila'y nagsisikain, sila'y nagsisiinom, sila'y nangagaasawa, at sila'y pinapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe, at dumating ang paggunaw, at nilipol silang lahat." (Lucas 17:26-27) "37 At kung paano ang mga araw ni Noe, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. 38 Sapagka't gaya ng mga araw bago nagkagunaw, sila'y nagsisikain at nagsisiinom at nangagaasawa at pinapapagaasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, 39 At hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. 40 Kung magkagayo'y sasa bukid ang dalawang lalake; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan:41 Dalawang babaing nagsisigiling sa isang gilingan; ang isa'y kukunin, at ang isa'y iiwan." (Mateo 24:37-41)*** Kailangan nating maging handa kasama ng ating pamilya para pagparito ni Cristo upang mapasa Kanya at takasan ang Kanyang paghatol.

2. ***Si Rahab na itinago at ipinagtanggol ang mga tiktik na ipinadala ni Josue: "Sa pananampalataya'y hindi napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik." (Hebrew 11:31)*** Itinago niya sila sa kanilang bahay at pinaalis ang mga mandirigma ng hari ng Jericho sa ibang panig upang protektahan ang bayan ng Dios at ang kanilang misyon: ***"1 At si Josue na anak ni Nun ay nagsugong lihim mula sa Sittim ng dalawang lalake na pinakatiktik, na sinasabi, Yumaon kayo na inyong kilalanin ang lupain, at ang Jerico. At sila'y yumaon at pumasok sa isang bahay ng isang patutot na ang pangalan ay Rahab, at nakituloy doon. 2 At ito'y nasaysay sa hari sa Jerico, na sinasabi, Narito, may mga lalake, sa mga anak ni Israel na pumasok dito ngayong gabi upang kilalanin ang lupain. 3 At ang hari sa Jerico ay nagsugo kay Rahab, na sinasabi, Ilabas mo ang mga lalake na naparito sa iyo, na pumasok sa iyong bahay;***

***sapagka't sila'y naparito upang kilalanin ang buong lupain. 4 At ipinagsama ng babae ang dalawang lalake at ikinubli, at sinabi niya, Oo, ang mga lalake ay naparito sa akin, nguni't hindi ko talastas kung sila'y taga saan: 5 At nangyari, sa may oras ng pagsasara ng pintuang-bayan, nang madilim na, na ang mga lalake ay lumabas; hindi ko talastas kung saan naparoon ang mga lalaking yaon; habulin ninyong madali sila; sapagka't inyo silang aabutan. 6 Nguni't kaniyang isinampa sila sa bubungan, at ikinubli sa mga puno ng lino, na kaniyang inilagay na maayos sa bubungan. 7 At hinabol ng mga tao sila sa daan na patungo sa Jordan hanggang sa mga tawiran: at pagkalabas ng humabol sa kanila, ay kanilang sinarhan ang pintuang-bayan." (Joshue 2:1-7)*** Hindi dapat natin ipagbigay alam ang mga sekreto ng mga ministerio ng Dios at ng Kanyang simbahan sa mga hindi mananampalataya at sa mga anak ng Belial, ang gumagawa ng masama na ngnanais wasakin ang Kanyang simbahan, Si Rahab sa kanyang ginawa ay sa huli ay ginantimpalaan siya ng Dios at binigyan siya ng sarili niyang pamilya at nakapag-asawa ng isang Israelitta, ang anak na lalaki ng pinuno ng lipi ni Josue, ***"At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse." (Mateo 1:5)*** Makikita mong maliwanag kung paanong natakot si Rahab sa Dios at ang takot na yaon sa Dios ang abumuo ng kanyang pananampalataya at pagkilos upang protektahana ng mga tiktik, ***"25 At gayon din naman hindi rin baga si Rahab na patutot ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan?" (Santiago 2:*** kasama ***25)*** Kailangan nating ang gayong uri ng kababaihan sa ating simbahan na makipagtulungan sa Dios at protektahan ang Kanyang simbahan at ang Kanyang gawain. Ang takot sa Dios sa kanya ay nagbigay daan sa kanya na huwag matakot sa Hari ng Jericho, upang iwanan ang kasalanan ng imoralidad, ang kanyang trabaho ng pagbebenta ng laman, na handang mawala ang kanyang lungsod at ang kanyang bayan ngunit iniligtas niya ang kanyang sarili at ang sangbahayan ng kanyang ama at sa huli ay binigyan siya ng Diyos ng pamilya.

3. ***Si Jael na aswa ni Heber na pinatay si Sisara ang pinuno ng hubo ng Jabón ang hari ng Canaan: "15 At nilansag ng Panginoon si Sisara, at lahat ng mga karo niya, at ang buong hukbo niya, ng talim ng tabak sa harap ni Barac; at lumunsad si Sisara sa kaniyang karo, at tumakas na tumakbo. 16 Nguni't hinabol ni Barac ang mga karo, at ang hukbo, hanggang sa Haroseth ng mga bansa: at ang buong hukbo ni Sisara ay nahulog sa talim ng tabak; walang lalaking nalabi. 17 Gayon ma'y tumakas si Sisara na tumakbo sa tolda ni Jael na asawa ni Heber na Cineo; sapagka't may kapayapaan si Jabin na hari sa Asor at ang sangbahayan ni Heber na Cineo. 18 At sinalubong ni Jael si Sisara, at sinabi sa kaniya, Lumiko ka, panginoon ko, lumiko ka rito sa akin: huwag kang matakot. At siya'y lumiko sa kaniya sa loob ng tolda, at siya'y tinalukbungan niya ng isang banig. 19 At sinabi niya sa kaniya, Isinasamo ko sa iyo na bigyan mo ako ng kaunting tubig na mainom; sapagka't ako'y nauuhaw. At binuksan niya ang isang balat na sisidlan ng gatas, at pinainom niya siya, at tinakpan siya. 20 At sinabi ni Sisara sa kaniya, Tumayo ka sa pintuan ng tolda, at mangyayari, na pagka ang sinoman ay darating at magtatanong sa iyo, at magsasabi, May tao ba riyan? na iyong sasabihin, Wala. 21 Nang magkagayo'y kumuha si Jael na asawa ni Heber ng isang tulos ng tolda, at kumuha ng isang pamukpok sa kaniyang kamay at naparoong dahandahan sa kaniya, at itinusok ang tulos sa kaniyang pilipisan, at pinalagpasan siya hanggang sa lupa; sapagka't siya'y nakatulog ng mahimbing; sa gayo'y nanglupaypay siya at namatay. 22 At, narito, sa paraang hinahabol ni Barac si Sisara, ay lumabas si Jael na sinalubong siya, at sinabi sa kaniya: Parito ka, at ituturo ko sa iyo ang lalake na iyong hinahanap. At siya'y naparoon sa kaniya, at, narito, si Sisara ay nakabulagtang patay, at ang tulos ay nasa kaniyang ulo. 23 Gayon pinasuko ng Dios nang araw na yaon si Jabin na hari sa Canaan sa harap ng mga anak ni Israel. 24 At nanaig ang kamay ng mga anak ni Israel ng higit at higit laban kay Jabin na hari sa Canaan, hanggang sa naigiba nila si Jabin na hari sa Canaan." (Mga Hukom 4:5-23)*** Nang tinawag ng Dios si Debora at Barak upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kamay ng Hari ng Canaan, sila'y nasa labanan kasama ng kanyang hukbo na nasa ilalim ng pamumuno ni Sisara na ang mga hukbo ay nakapalibot sa mga Israelita at siya ay tumakas at pumunta sa tolda ni Jael ang asawa ni Heber. Ang kanyang asawa ay wala roon, ngunit sa pagiging babae na may pagkatakot sa Dios batid kung anong gagawin sa kaaway ng Dios. Matalino niya itong pinakitunguhan hanggang pinatay niya siya. Nais ng Dios ang gayong uri ng mga kababaihan na may takot sa Dios, na kahit sa bahay ay ginagawa nila ang dakilang gawain ng Panginoon. Sila'y pinagpalang mga babae at maayos na binanggit bilang ***"Pagpalain sa lahat ng babae"*** at ipinayo ang Kanyang Salita ***"24 Pagpalain sa lahat ng babae si Jael, Ang asawa ni Heber na Cineo, Pagpalain siya sa lahat ng babae sa tolda. 25 Siya'y humingi ng tubig, at binigyan niya ng gatas; Kaniyang binigyan siya ng mantekilya sa pinggang mahal. 26 Kaniyang hinawakan ng kaniyang kamay ang tulos, At ng kaniyang kanang kamay ang pamukpok ng mga manggagawa; At sa pamamagitan ng pamukpok ay kaniyang sinaktan si Sisara, pinalagpasan niya sa kaniyang ulo, Oo, kaniyang tinarakan at pinalagpasan ang kaniyang pilipisan. 27 Sa kaniyang paanan ay nasubasob, siya'y nabuwal, siya'y nalugmok: Sa kaniyang paanan siya'y nasubasob, siya'y nabuwal. Kung saan siya sumubasob, doon siya nalugmok na patay." (Mga Hukom 5:24-27)*** Ang kalalakihan at kababaehan na may pagkatakot sa Dios, ay pinagpala ang kanilang mga sangbahayan, ang Banal na

Espiritu ay dadaloy sa pamamagitan nila at ang Banal na Espiritu ay bibigyan sila ng karunungan sa ganoong uri ng mga kalalakihan at kababaihan at tuturuan siila kung paanong kumilos at magpakabuti. Sa kalagayang ito ni Jael na asawa ni Heber nang si Sisara ay humingi sa kanya ng tubig binigyan niya siya ng gatas na magpapatulog sa kanya, at binigyan niya siya sa isang pinggang mahal, upang ipaalam lamang sa kanya na siya ay nasa ligtas na lugar, at hiniling pa niya ito, ***"at mangyayari, na pagka ang sinoman ay darating at magtatanong sa iyo, at magsasabi, May tao ba riyan? na iyong sasabihin, Wala."*** Matalino siyang kumilos hanggang pinatay niya siya. Ang mga kalalakihan at kababaihan na may pagkatakot sa Diyos ay wawakasan ang gawain ng Diyablo at sa karunungan na tatanggapin nila mula sa Diyos ay hindi papayagan ang diyablo na pumasok sa kanilang mga tahanan at pamilya. Ang mga kalalakihan at kababaihan na natatakot sa Diyos ay magpoprotekta sa simbahan at hindi hahayaan ang gawain ng Diyablo na manaig o kumalat. Ang gayong mga babae ay itatayo nila ang mga pamilyang Makadiyos at gagamitin sila ng Diyos upang itayo ang Kanyang simbahan.

Nais mo bang gamitin ka ng Dios upang itayo ang iyong makaDios na pamilya at itayo ang Kanyang simbahan? Kung ang iyong sagot ay 'Oo', sa gayon mula ngayon matakot sa Dios at sumunod sa Kanya at manginig sa Kanyang presensya at simulang paglingkuran Siya.

4. ***Ang asawa ng lalaki sa Bahurin na nagtago ng dalawang anak ng mga seserdote na dala-dala ang babala ng mensahe kay Haring David upang protektahan siya mula kay Absalom: "15 Nang magkagayo'y sinabi ni Husai kay Sadoc at kay Abiathar na mga saserdote. Ganito't ganito ang ipinayo ni Achitophel kay Absalom at sa mga matanda sa Israel; at ganito't ganito ang aking ipinayo. 16 Ngayon nga'y magsugo kang madali, at saysayin kay David, na sabihin, Huwag kang tumigil ng gabing ito sa mga tawiran sa ilang, kundi sa anomang paraan ay tumawid ka: baka ang hari ay mapatay at ang buong bayan na nasa kaniya. 17 Si Jonathan at si Ahimaas nga ay nagsitigil sa tabi ng Enrogel; at isang alilang babae ang pinaparoon at pinapagsaysay sa kanila; at sila'y nagsiparoon, at isinaysay sa haring kay David: sapagka't sila'y hindi makapakitang pumasok sa bayan. 18 Nguni't nakita sila ng isang bata, at isinaysay kay Absalom: at sila'y kapuwa lumabas na nagmadali, at sila'y nagsiparoon sa bahay ng isang lalake sa Bahurim, na may isang balon sa kaniyang looban; at sila'y nagsilusong doon. 19 At ang babae ay kumuha ng isang panakip at inilatag sa bunganga ng balon, at nilagyan ng mga trigo na giniik; at walang bagay na naalaman. 20 At ang mga bataan ni Absalom ay nagsidating sa babae sa bahay; at kanilang sinabi, Saan nandoon si Ahimaas at si Jonathan? At sinabi ng babae sa kanila, Sila'y tumawid sa batis ng tubig. At nang kanilang mahanap at hindi nila masumpungan ay bumalik sila sa Jerusalem. 21 At nangyari, pagkatapos na sila'y makaalis, na sila'y nagsilabas sa balon, at nagsiyaon at isinaysay sa haring kay David: at kanilang sinabi kay David, Kayo'y magsibangon, at magsitawid na madali sa tubig: sapagka't ganito ang ipinayo ni Achitophel laban sa inyo." (2 Samuel 17:15-21)*** Ang babaeng ito sa kanyang pagkilos ay ipinagtanggol ang dalawang seserdote at tinulungan silang maabutan si David sa lalong madaling panahon para babalaan siya. Ang gayong babae o iba pang kababaihan, na batid ang kalooban ng Diyos at nakikipagtulungan sa Panginoon upang itaguyod ang Kanyang mga misyon at protektahan ang Kanyang simbahan ay ang kailangan ng simbahan sa ngayon.

***Sa aking mahal at minamahal: "30 Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: nguni't ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. 31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay; at purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-bayan." (Kawikaan 31:30-31)*** Ang makeup, pagpapahid, ginto at mga palamuti, mamahaling damit ay hindi makakapagpaganda sa iyo kundi ang pagkatakot sa Dios ay magdadala ng mga pagpapala ng Dios at ng Kanyang gantimpala sa iyong buhay. Hindi kailangan ng Dios ang guwapong lalaki at magagandang babae, kundi mga lalaki at babae na natatakot sa Kanya at naglilingkod sa Kanya. Ang mga kilos at gawa gaya ng ipinaliwanag natin sa mga halimbawang ginamit natin sa Kasulatan ay magbibigay daan sa atin upang anihin ang mga dakilang pagpapala ng Diyos sa ating buhay habang patuloy tayong natatakot sa Kanya.

Ang pagkatakot sa Dios ay maging taos-puso sa Diyos, makipagtulungan sa Kanya at maglingkod sa Kanya; upang gawin ang Kanyang kalooban, ihanda ang iyong sarili at ang iyong pamilya, malayo sa makamundong mga bagay, tumayo kasama ang Diyos at labanan ang mabuting pakikipaglaban ng Diyos laban sa mga kaaway ng Diyos.

Ang pagkatakot sa Dios ay pagtuturo sa mga pamilyang Makadiyos, upang palakihin ang makaDios na mga anak at disipolo, na sumusunod at tumatalima sa mga utos ng Panginoon at nauunawaan ang kalooban ng Diyos at naninindigan nang matatag sa Kanyang layunin at plano at makipagtulungan sa Diyos upang makamit ang lahat ng kailangan sa pagtatayo ng Kanyang simbahan at sa pagtatayo ng mga pamilyang Makadiyos.

Unawain ang mensahe at ipangako ang iyong sarili sa Kanya.

Tayo ay manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus at nabuhay mula sa mga namatay upang ibigay sa akin ang walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakitang maliwanag sa akin ang katotohanan at ang paraan na nais mong pagdaaanan ko at ipamuhay sa aking buhay para sa iyo.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa kamunduhan, imoralidad at pagkamakasarili, pagwasak sa mga utos ng Dios, kakulangan ng pangako, pakikisama sa mga hindi mananampalataya at pagiging tapat sa kanila, ang iyong pakikipagkompromiso, pagmamataas, pagmamalaki, pagsasalita ng masama, paggawa ng iyong sariling kalooban, atbp, Panginoon aking ipinatapat at tinalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan* _________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa iyong Salita at sa mga layunin na aking natutunan ngayon sa mensaheng ito. Panginoon itatag ang pagkatakot sa iyo sa aking buhay upang matatag akong manindigan para sa iyong adhikain at layunin. Panginoon bigyan mo ako ng pagkilala upang magawa kong maiangkop at maunawaan ang iyong kalooban at iyong mabuting plano sa aking buhay at sa buhay ng iyong bayan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu at itakdang maging mabuting halimbawa sa iba upang makikila ka sa pamamagitan ng aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatirang lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay upang mamuhay para sa iyo at matakot sa iyo at gawin ang iyong kalooban na mayroon ka sa kanila. Panginoon ako'y nanalangin para sa kanila na bigyan sila ng katatagan na gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon, ako'y nanalangin para sa kanila na protektahan sila mula sa lahat ng kanilang mga kaaway at sa ganon sila'y mabibiyaan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at ipagkaloob sa kanila ang Espirituwal na mga kaloob upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon ako'y nanalangin na pagpalain mo kami bilang isang simbahan, at hayaan ang pagkatakot sa iyo ay mapasa mga manggagawa at sa mga kasapi ng simbahan na ang bawat isa'y gawin ang iyong kalooban. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagparito upang kunin kami kapag ikaw ay dumating. Panginoon bigyang daan kaming mag-evangelio at ipangalat ang iyong Salita. Panginoon tulungan kamng gumawa ng bagong mga alagad at turuan ang iba na maglingkod sa iyo at magtanim ng bagong mga kapisanan at pag-aaral ng Bibliya. Panginoon pagplain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Diyos Yugto 2. Sa Pagtatayo ng mga Pamilyang Makadiyos at ng Simbahan ng Diyos. Kawikaan 1:7. Kawikaan 9:10 . Kawikaan 15:33. Kawikaan 3:7. Kawikaan 8:13. Kawikaan 16:6. Kawikaan 10:27. Kawikaan 13:13. Kawikaan 14:26. Kawikaan 19:23. Kawikaan 22:4. Kawikaan 15:16. Exodo 1:17, 20-21. Hebreo 11:7. Lucas 17:26-27. Mateo 24:37-41. Mga Hebreo 11:31. Josue 2:1-7. Mateo 1:5. Santiago 2:25. Mga Hukom 4:15-23, 24-27. II Samuel 17:15-21. Mga Kawikaan 31:30-31.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com